

KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

EDITORIAL

Rebolusyon, dakilang pamana ni Gat Andres Bonifacio sa masang anakpawis

Nagniningning ang kadakilaan ni Andres Bonifacio sa puso at diwa ng mamamayang Pilipino. Nagsisilbing tanglaw ang kanyang buhay sa masang anakpawis na pilit na ibinubulid sa dilim ng mga mapang-api't mapagsamantala.

Higit na kailangan ng mamamayang Pilipino ang aral at inspirasyon mula sa buhay ni Bonifacio ngayong binabayo ng samu't saring anyo ng pang-aapi at pagsasamantala ang mga maralita.

Sabay-sabay ang atake ng rehimeng US-Duterte sa karapatan at hanapbuhay ng mamamayan. Umaabot sa 295,000 ang nawalang trabaho mula nang maupo si Duterte sa estado poder. Sa ilalim ng kanyang rehimen naranasan ang labis na pagtaas ng presyo ng mga bilihin dahil sa TRAIN Law. Hindi na halos makakain sa sobrang mahal ng presyo ng pagkain laluna ng bigas ang mahihirap na pamilyang Pilipino.

Lalong nakakagalit ang panlilinlang na ginagawa ng rehimen. Kasabwat ang kanyang mga "economic managers", naglalabas ang rehimen ng mga gawa-gawang datos ng kunwang paglago ng ekonomya at paglikha diumano ng mga bagong trabaho. Mga pekeng reporma ang nilikha ng rehimen para magsilbing tulong sa gipit na kalagayan. Nariyan ang *oil subsidy* para sa mga opereytor at drayber ng mga *jeep* at bus na hindi rin naman nakapagbigay ng signipikanteng tulong sa kabuhayan

ng mga ito. Kakarampot din ang P25 dagdag-sahod sa mga kumikita ng minimum sa NCR at mas maliit pa ang dagdag-sahod sa ibang mga rehiyon sa kabila ng panawagan ng mga manggagawa na P750 National Minimum Wage.

Sa kanayunan, pinalalayas ang mga magsasaka sa kanilang mga sakahan dahil sa pangangamkam ng lupa, demolisyon at *land use-conversion* ng mga panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador kasabwat ang reaksyunaryong gubyrno at mersenaryong pwersa nitong AFP-PNP-CAFGU.

Sa harap ng mababang pasahod, kawalan ng hanapbuhay, matataas na presyo ng bilihin at pasismo ng estado, patuloy ang laban ng maralita sa kanayunan at kalunsuran. Tunay na walang kamatayan ang kasaysayan at pakikibaka ni Gat. Andres Bonifacio, daang taon man ang lumipas.

Buhay at pakikibaka

Sa murang edad pa lamang, naranasan na ni Andres Bonifacio ang hirap ng buhay. Kinailangan nyang tumigil sa pag-aaral at tumayong ama't



NILALAMAN

1	<i>Editorial</i>
4	<i>Duguang kamay na bakal: Pagsisiwalat sa militaristang rehimen ni Duterte</i>
6	<i>Anak, aktibista, mandirigma</i>
8	<i>1992-2001: Ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at ang Pagpapanibagong-Lakas sa Timog Katagalugan</i>
11	<i>Cavite: Mukha ng tagibang na kaunlaran para sa iilan</i>
13	<i>Kilos Protesta Balitang TO</i>
14	<i>Kultura</i>

Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng **Marxismo-Leninismo-Maoismo**. Inilalathala ito ng **Partido Komunista ng Pilipinas (MLM)** at ng **Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan**.

Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan.

Tumatanggap ito ng mga koresponsal sa:

st.kalatas@gmail.com
balikwastk.wordpress.com

ina ng limang kapatid mula nang pumanaw ang mga magulang noong 14 anyos pa lamang.

Pinasok niya ang samu't saring trabaho upang buhayin ang kanyang naulilang mga kapatid. Naging bodegero siya sa isang pabrika ng *mosaic tiles*, tagagawa ng *poster* para sa mga kumpanya na nagbebenta ng damit, *supply clerk* at nagtanghai din sa mga teatro.

Masigasig si Bonifacio sa pagtuklas at pag-aaral. Kahit kapos sa pormal na edukasyon, tinuruan nya ang sarili na bumasa at sumulat sa wikang Tagalog at Espanyol kaya nakakuha sya ng trabaho bilang *clerk-messenger* sa isang kumpanyang German.

Nagkaroon siya ng interes sa klasikong kanluraning rasyunalismo at mahilig magbasa ng mga sulatin nina Victor Hugo, Jose Rizal, at Eugene Sue. Naging malalim din ang interes niya sa mga libro tungkol sa French Revolution at buhay ng mga presidente ng US kaya mahusay nyang naunawaan ang relasyon ng pagbabago ng lipunan at kasaysayan.

Mula sa sariling karanasan at pag-aaral, namulat si Bonifacio sa lupit ng kolonyalismong Espanyol sa kanyang mga kababayan. Ipinagkakait ang lupang sarili sa mga magsasaka dahil ginagawang *hacienda* ang mga lupain at taniman ng mga hilaw na materyales para sa kapakinabangan ng Espanya. Sapilitan ang pagpapatrabaho habang walang marangal na tirahan at sahod ang mga manggagawang bukid.

Trinatong alipin ng mga Espanyol ang mga Pilipino at laganap ang diskriminasyon sa bawat sulok ng lipunan. Salat sa edukasyon ang mga kabataan dahil iilan lamang ang nakakatuntong sa eskwelahan habang kinukupot ang akademya sa kolonyal, kleriko-pasista, konserbatibo at represibong katangian nito.

Noong Hulyo 3, 1892, sumali si Bonifacio sa La Liga Filipina na itinatag ni Jose Rizal. Layon ng liga na pagkaisahin ang mga Pilipino upang makapagsimula ng reporma, maayos na edukasyon, kooperasyon, at pagbuo sa bansa. Dinakip si Rizal ng mga Espanyol ilang araw matapos ang pagkakatatag ng La Liga Filipina.

Pagtangan sa armas

Hindi napigilan ng pagkakahuli kay Rizal ang pagtutuloy ni Bonifacio sa pakikibaka. Itinatag ang Kataas-taasan, Kagalang-galangan, Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) o Katipunan noong Hulyo 7, 1892. Naniniwala ang mga Katipunero na makakamit lamang ang tunay na kaginhawaan at kalayaan kung ang mga tao ay may mabuting kalooban para sa bawat isa. Bukod sa pagpapatalsik ng imperyong Espanyol, layon nilang pagkaisahin ang puso at isip ng mga Tagalog upang kamtin ang pambansang kalayaan—kailanganin man ang paghawak ng armas. Pagkatapos ng pamumuno ng dalawang Supremo, hinirang na Supremo ng Katipunan si Bonifacio noong 1895. Si Bonifacio at ang Katipunan ang kauna-unahan at tanging nanawagan at nagsulong ng

pagkakaisa ng lahat ng mga Tagalog noong panahong iyon, na ang ibig sabihin ay lahat ng mga mamamayan sa mga isla na hindi Kastila o di nagsasalita ng banyagang Espanyol. Si Bonifacio at ang Katipunan lamang ang mayroong perspektiba na mabuo ang mga islang ito na sinakop ng mga kolonyalista bilang isang bansa. Ito ang katuturan ng panawagang ito.

Sa ilalim ng pamumuno ni Bonifacio, dumami ang kasapian ng Katipunan mula 300 tungong 30,000. Hindi naging mahirap sa kanilang tanganan ang armadong paglaban dahil kalakhan sa kanila ay nagmula sa masang anakpawis. Kumalat ang mga balangay ng organisasyon sa mga rehiyon mula Luzon hanggang Visayas. Mula rito, lalong lumakas ang kanilang kumpiyansang pabagsakin ang kolonyalismong Espanyol at makahulagpos sa paghahari nito.

Nang matuklasan ng mga Espanyol ang Katipunan noong Agosto 1896, tumakas sya kasama ang marami pang mga Katipunero at tumungo sa isang baryo sa Caloocan, Balintawak. Armado lamang ng gulok, sibat, paltik, at ilang mga lumang Remington rifle, nagpulong ang mga Katipunero na dinaluhan ng 500-1,000 katao. Ito ngayon ang tinatawag na “Ang Sigaw ng Balintawak” at kilala rin sa tawag na “Ang Sigaw ng Pugad Lawin.”

Matindi ang hangarin ni Bonifacio na baguhin ang kalagayan ng mga kababayang inaalipin ng kolonyalismong Espanyol, at handa siyang pangunahan ang armadong paglaban para sa kalayaan. Mababakas ang kanyang determinasyon sa mga katagang binigkas niya bago ang makasaysayang pagpunit ng sedula ng mga Katipunero: “Kalayaan o kaalipnan? Kabuhayan o kamatayan? Mga Kapatid, halina’t ating kalabanin ang mga barrel at kanyon upang kamtin ang sariling kalayaan!”

Patuloy ang rebolusyon

Bagamat matagumpay na tinalo at pinabagsak ng mamamayang Pilipino ang kolonyalismong Espanyol, inagaw naman ng imperyalismong US ang kalayaang pinagbuwisan ng buhay ng mga bayani ng Rebolusyon ng 1896. Naging daluyan ng malakolonyal na paghahari ng imperyalismong US ang pagkakatatag ng papet na Republika ng Pilipinas, kasabwat pa ang mga traydor sa rebolusyon at bayan. Dito sila bumuo ng di pantay na mga kasunduan sa ganansya ng mga naghaharing uri at perwisyo sa pinagsasamantalahan at inaaping uri na nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan.

Kalaban ng mga sumunod sa yapak ni Bonifacio

ang rehimeng US-Duterte na tagapagtanggol ng nabubulok na sistemang panlipunang nagpapahirap sa Pilipino. Huwaran si Bonifacio ng masang anakpawis at proletaryong Pilipino dahil katulad niya, inaasam rin nila ang paglaya ng bayan sa imperyalistang kapangyarihan at ng kanilang uri mula sa mga mapagsamantala.

Sa Timog Katagalugan, tumambol ang kaliwa’t kanang malalakas na panawagan para sa karapatan sa kabuhayan at disenteng panirikan sa kalunsuran man o kanayunan.

Tulad ni Bonifacio, matapang na ipinaglalaman ng mga maralitang lungsod ang kanilang mga karapatan. Sa Rizal, pinangunahan ng KADAMAY-Rizal ang laban para sa disenteng pabahay sa bayan ng Rodriguez. Nagpasya ang mga maralitang lungsod rito na hawakan nila sa kanilang mga kamay ang kanilang kapalaran sapagkat kung hihintayin nga naman ang kilos ng gubyerno, mamamatay silang dilat ang mga mata. Ngunit imbes na kilanlin ang kanilang lehitimong karapatan, pinalutang ni Duterte na kaisa ang mga ito sa mga nagnanais pabagsakin ang kanyang tiranya at pasismo. Sa ibang bahagi ng mga maralitang komunidad, buong giting ding nakikibaka ang mga mamamayan sa mga tabing riles, tabing lawa ng Laguna at Taal, at mga pamayanang naging karagatan na ng mga maralita laban sa pagwasak ng kanilang kabuhayan at panirikan at ibayong panggigipit kasabwat ang mga pulisya.

Samantala, nakatindig ang mga magsasaka ng Lupang Ramos sa Cavite laban sa matinding panggigipit at pananakot para ipagtagumpay ang laban para sa deka-dekada na nilang pagbubungkal ng lupang kailanman ay hindi ibinigay sa kanila.

Ilan lamang ito sa mga kwento ng pakikibaka ng maralitang mamamayan sa kasalukuyan. Kung nabubuhay ngayon si Bonifacio, matatagpuan natin sya sa hanay ng masang anakpawis na naglulunsad ng armadong pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Hamon at inspirasyon sa sambayanang Pilipino ang ibinuwis nyang buhay at ang mga layunin at aral ng Rebolusyon ng 1896 upang palayain ang Inang bayan.

Ituloy ang hindi pa tapos na laban ni Bonifacio at ang Rebolusyon ng 1896! Pagpunyagian at dalhin sa tagumpay ang makatarungang digma ng mamamayang lumalaban! ☒

Duguang kamay na bakal: Pagsisiwalat sa militaristang rehimen ni Rodrigo Duterte

Ang pangulong nagigipit, sa militar kumakapit. Napatunayan na ito sa kasaysayan ng mga papet na Arepublika ng Pilipinas. Tuwing mararamdaman ng reaksyunaryong pangulo ang paglakas ng mga kilusang pagpapatalisik, nangangayupapa na ito sa mga mersenaryo—sa militar, pulis, at iba pang ahente ng panunupil ng estado.

Nasa ganitong yugto na ang rehimeng US-Duterte. Panay ang pagsusumamo ni Rodrigo Duterte sa mga heneral ng AFP at PNP, mula sa pagpapaulan ng mga pabor sa pwersang panseguridad ng estado, pagtatanggol sa kanilang pang-aabuso hanggang sa pagluluklok sa kanila sa kapangyarihan. Katuwang ang mga retiradong heneral na sina Department of Interior and Local Government OIC Eduardo Año, Defense Secretary Delfin Lorenzana at National Security Adviser Hermogenes Esperon, nagpatupad at nagpalawig ng mga militarista at anti-mamamayang programa ang rehimeng US-Duterte pangunahin ang mga giyerang kumitil at sumira sa buhay ng anakpawis.

Ipinapakita ng ganitong mga hakbangin na kapos sa pag-aaral at pagsusuri sa kasaysayan si Duterte. Umaasa siyang sapat ang lakas ng AFP at PNP para pigilan ang napipintong pagbagsak niya, kaya bulag siyang sumusunod sa yapak ng mga iniidolo niyang si Ferdinand Marcos at Gloria Arroyo.

Kahangalan ang ganitong pag-iisip ni Duterte. Sa huli, bubulagain siya ng katotohanan na ang tahasang paggamit ng armadong pwersa laban sa mamamayan ang siyang magsisindi ng mas malalakas na pag-aalsang gugupo sa isang papet at pasistang rehimen tulad ng kanyang rehimen.

Panlilinlang at pananakot

Pagkaupo sa pwesto ni Duterte ay agad na sinimulan ng kanyang mga alipures ang pagtatayo ng isang militaristang gubyerno.

Bahagi ng paghahandang ito ang paglikha ng klima ng takot sa publiko. Upang gawing katanggap-tanggap ang paggamit ng dahas laban sa mamamayan lalo na sa mga lungsod, pinalabas ni Duterte at ng AFP-PNP na kriminalidad at terorismo ang pangunahing suliranin sa bansa. Tampok sa mga pahayag niya at ng PNP ang problema sa droga, na kaagad namang kinagat at pinakalat ng burgis na masmidya.

Bumabad sa mga balita ang mga krimeng kaugnay sa droga. Ultimong layon na buuin ang opinyong publiko na susuporta sa gyera sa droga at bigyang-matwid ang paggamit ng labis na dahas ng estado sa

pagsugpo sa mga tinataakang kriminal.

Isa pang taktika ang pagpapalaganap ng disimpormasyon, na siyang ginawa sa pagputok ng tsismis na Red October Plot.

Pinangunahan ng matataas ng opisyal ng gubyerno gaya nina AFP Chief Carlito Galvez at Lorenzana ang paglulubid sa kwentong ito. Bukambibig ng mga heneral at tagapagsalita ng AFP at PNP ang Red October Plot sa mga interbyu sa pagtatangkang gawing kapani-paniwala ang kanilang imbensyon. Layon ng 'Red October Plot' na palabasing banta sa pambansang seguridad ang mga progresibong indibidwal at grupong lumalaban sa mga anti-mamamayang polisiya ng rehimen.

Nagkakamali ang rehimeng US-Duterte sa pagpapalagay na lulunukin lang ng mamamayan ang lahat ng kasinungalingan nito. Hinuhubaran ng mga progresibo at rebolusyunaryong pwersa ang mga kasinungalingan sa mga pahayag ng rehimen at ipinaliliwanag ang tunay na layunin nito sa masa. Sa gayon, hindi napatahimik ng makinarya ng pananakot ang mga protesta, ginatungan lamang nito ang disgusto ng mamamayan.

Kakampi ng mga mistah

Ginagamit ni Duterte ang lahat ng rekurso ng reaksyunaryong gubyerno upang siguruhin ang katapatan ng mga heneral at susing opisyal ng AFP-PNP sa kanyang rehimen. Iilang buwan pa lang sa pwesto ay ikinasa na ang AFP Modernization Program upang makapaglagak ng malaking pondo sa ahensya at bigyang-luwag ang pangungurakot ng mga upisyal militar at mga kroni ni Duterte.

Tiyak na magiging daluyan ng korapsyon ang pamimili ng mga bagong armas at kagamitan. Kongkretong halimbawa nito ang isinawalat na anomalya sa AFP Health Services Command kung saan pinalolobo hanggang P1.4 milyon ang presyo ng mga gamit-medikal gaya ng *prosthesis* na sa totoo'y nagkakahalaga lamant ng P330,000.

Patunay ang kaso sa AFPHSC na nakatimo na sa kultura at sistema ng AFP ang korapsyon. Nauna

nang ibinunyag ang sistemang pabaon para sa mga magreretirong heneral ng AFP, gayundin ang lantarang pangangamkam ng pondo ng ilang opisyal na nadiskubre ng Commission on Audit noong 2011. Lahat ng ito’y kunwang kinundena ng reaksyunaryong guberno, ngunit sa huli, hindi pinarusahan ang mga opisyal na naimbwelto sa kaso.

Bulag at bingi si Duterte sa mga abuso ng pulis at militar, at bukas ang kamay niyang tulungan ang mga ito sa panahon ng kagipitan. Nang hamunin siyang parusahan ang mga pulis na maysala sa pagkamatay ni Genesis Argoncillo, isang kabataang inaresto dahil daw sa pagiging ‘tambay,’ sinabi ni Duterte na ginagawa lang ng reaksyunaryong armadong pwersa ang kanilang ‘trabaho.’

Garantisado ang proteksyon sa mga abusado, berdugo at kurakot na pulis at sundalo sa militaristang rehimen ni Duterte kaya naman wala ring awat ang pagdami ng kaso ng paglabag sa karapatang tao sa bansa. Umabot na sa 20,000 ang pinatay sa ngalan ng gyera kontra droga, habang daang libo na ang pinaslang, hinuli, at sapilitang pinalayas sa Mindanao na nasa ilalim ng Batas Militar at 13 masaker sa buong bansa.

Militaristang sunod sa imperyalista

Damang-dama ang pwersang militar sa guberno ni Duterte na pinuno niya ng kanyang mga alipures at tagasunod. Sa ngayon ay higit 60 dating tauhan ng AFP at PNP na ang nasa iba’t ibang pwesto at antas ng guberno.

Nasa susing posisyon ang mga tao tulad ni Año, dating *chief of staff* at hepe ng *intelligence*

services ng AFP, na ipinuwesto sa DILG. Nasa Department of Social Welfare and Development naman si Rolando Bautista, dating hepe ng Philippine Army.

Ilan pa sina: retiradong AFP Chief of Staff Rey Leonardo Guerrero sa Maritime Industry Authority; retiradong Heneral Eduardo Del Rosario sa Housing and Urban Development Coordinating Council; at dating AFP Brigadier Gen. Danilo Lim sa Metro Manila Development Authority. Tampok rin ang paglalagay sa Bureau of Customs sa ilalim ng kontrol ng militar na labag sa 1987 Konstitusyon ng GRP.

Ayon kay Duterte, mas gusto niyang makatrabaho ang mga opisyal militar sa kanyang gabinete dahil mabilis silang sumusunod sa utos. Ang totoo, kinakabig niya ang pwersang militar sa kanyang panig upang mapahaba ang taning ng kanyang papabagsak na guberno.

Ang paglukob ng kapangyarihang militar sa sibilyang guberno ay alinsunod sa gabay ng amo ni Duterte: ang imperyalismong US. Sa makabagong estratehiyang kontra-insurhensya ng US, sakop ng programa laban sa terorismo at pambansang seguridad ang mga usapin sa ‘*development*’ at ‘*humanitarian concerns*.’

Samakatwid, ang paglalagay ng mga opisyal militar sa mga susing sibilyang posisyon ay bahagi ng estratehiya sa pagtatanggol sa republika laban sa mga ‘banta sa seguridad’ o mga grupong pinangalanan nilang terorista. Ito ang tinatawag ng berdugong si Lorenzana na ‘*whole of nation approach*’ sa pagwasak sa mga kalaban ng estado.

Sapul na sapul nito ang tinatawag nilang panloob na banta sa guberno ni Duterte—ang lumalawak na rebolusyonaryong kilusan sa pamumuno ng CPP-NPA-NDF. Ang pamamayani ng pwersang militar sa administrasyon ang siyang pangunahing salik kung bakit nabulilyaso ang *peace talks* sa pagitan ng GRP at CPP-NPA-NDF. Militaristang solusyon, hindi negosasyon, ang itinutulak ng pangkating Lorenzana-Año-Esperon na kilalang anti-komunista at mga pangunahing ahente ng CIA at imperyalismong US sa Pilipinas ngayon.

Sa kumpas ng mga ultra-kanan at mga militaristang heneral, tinatarget ng mga mapanupil na programa na wasakin ang hanay ng nakikibakang



mamamayan at padapain ang mga rebolusyonaryong base. Sa bisa ng mga sibilyang opisina na kanilang hawak, naikukubli nila ang mga operasyong militar at paniktik sa mga sibikong aktibidad gaya ng pamimigay ng *relief* o pagtatanim ng puno (National Greening Program).

Ginagamit ng mga elemento ng mersenaryong militar ang lahat ng taktika, mula sa paninira gamit ang disimpormasyon, panghahati sa mga komunidad laluna ng mga katutubo, ilegal na pang-aaresto hanggang sa pagdukot, pagpatay at pagmasaker sa mga lider at aktibistang masa. Dahil nagsisilbi ang mga krimeng ito sa pananatili niya sa poder, buong suporta si Duterte sa mga sundalo at pulis, at sa katunaya'y dinagdagan pa ng 10 bagong batalyon ang AFP ngayong taon.

Sumasandal si Duterte sa pasista at berdugong AFP-PNP dahil natatakot siyang tuluyang mapataksik sa pwesto ng lumalapad na anti-pasista at anti-Duterteng kilusang masa. Itinataguyod niya ang isang militaristang guberno dahil ito ang huli niyang baraha laban sa rebolusyonaryong kilusan na tuluy-tuloy na nag-iipon ng lakas at yumayanig sa mga naghaharing-uri.

Nagbabadya ang mas mararahas na panunupil at mas malulupit na kampanyang militar laban sa mamamayan. Subalit, mag-aanak ng mas malalakas na paglaban ang pinatitinding atake sa mamamayan. Matutulad si Duterte at kanyang mga kasapakat na heneral sa mga diktador na may utang na dugo sa mamamayan — mga pangalang nabubulok at naagnas sa basurahan ng kasaysayan. ☒

Anak, aktibista, mandirigma

Salaysay ni Ka Joan, kasapi ng Kabataang Makabayan

Simple lang ang pangarap ko dati. Magtrabaho at masuportahan ang aking mga magulang. Wala akong matayog na ambisyon o luho sa buhay. Ang mahalaga sa akin, maayos ang aking pamilya.

Simple lang ang pangarap ko dahil simple lang ang kinalakhan ko. Nakikisaka si Tatay. Nagtitinda kami ni Lola ng gulay. Naiiwan si Nanay sa bahay para asikasuhin kaming magkakapatid. Ang gastusin ko sa pag-aaral, pinaghahatian nina Nanay, Tatay at ng kapatid kong panganay.

Buti na nga lang daw at mabait akong anak, sabi ng iba. Pinalaki kaming makadiyos at konserbatibo, kaya siguro nila nasabing mabait ako. Wala akong barkada. Hindi rin ako pala-labas ng bahay. Imbes na maglakwatsa, naglalaba, nagluluto, at nag-aalaga ako ng mga pamangkin.

Sa bahay at pamilya lang umikot ang mundo ko, hanggang makilala ko si Ka Inday. 3rd year hayskul ako noong nakitulong siya sa bahay namin.

Lagi akong tinutulungan ni Ka Inday sa mga gawaing-bahay. Habang nagkukusot ng damit o naggagayat ng ulam, nagkukwentuhan kami. Laman ng kwentuhan namin ang mga kasama, ang rebolusyon at ang paghihirap ng sambayanan. Parang MKLRP¹ ang mga kwentuhang 'yun.

Saka ko lang naintindihan ang kwento ng mga matatanda. Sabi nila, may samahan ng kababaihan sa baryo namin dati. Sila raw ang humarang sa mga *bulldozer* na gagamitin sa pagdedemolis ng mga bahay sa 'min.

Nagsimula ako sa rebolusyonaryong kilusan bilang kuryer ni Ka Inday. Nagdadala ako ng sulat o bumibili ng pagkain para sa mga kasama. Kalaunan, dumadalo na rin ako at nagpapadalo ng mga kamag-anak at kapitbahay namin sa mga pag-aaral. Naging katulong na ako ni Ka Inday sa pag-oorganisa sa aming baryo.

Isa sa mga dahilan kaya nagpasya akong kumilos ay ang problema namin sa lupa. Inayos ng mga kasama ang alitan sa lupa ng mga tiyahin at tiyuhin ko. Nakita kong wasto ang ginagawa ng mga kasama kaya ginusto ko ring makatulong sa ibang tao na may kaparehong problema.

Mula sa pagiging kuryer ay gumagampan ako ng iba't ibang gawain. Nagsanay ako sa gawaing pangkultura. Nagtanghal ako sa mga rali. Sumasama rin ako sa mga raling iglap sa lungsod tuwing anibersaryo ng KM o ng Partido.

Pormal na rin akong naging kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyon. Nirekrut ako sa Kabataang Makabayan at sa Young Communist League. Nang mag-18 anyos, sumapi ako sa Partido Komunista ng Pilipinas.

Dahil imbwelto sa mga gawain, madalas na akong wala sa bahay namin. Isang araw, pagkauwi ko mula sa pag-aaral ng BKP², kinausap nila ako.

Para akong nasa interogasyon. Pinalibutan ako ng mga kapatid ni

¹ MKLRP - Maikling Kurso sa Lipunan at Rebolusyong Pilipino

² BKP - Batayang Kurso ng Partido

Nanay. Nakaupo ako sa gitna nila. Nakatapat pa ang ilaw sa mukha ko.

“Ano bang ginagawa mo sa buhay mo? Sayang naman ang pinampaaral sa ‘yo.”

“Hindi ka ba naaawa sa nanay mo? Lagi kang nasa labas. Alam mong maysakit ang nanay mo eh pinapabayaang mong mag-isa. Tumulong ka na lang dito sa bahay.”

Kanya-kanya silang sermon. Dahil lumaki akong masunurin at nasanay sa pyudal na relasyon sa pamilya, hindi ko nagawang umimik. Wala akong naisagot. Umiyak lang ako sa harap nila.

Simula noon ay naramdaman ko na ang presyur mula sa aking pamilya na tumigil sa pagkilos. Ang kapatid kong nagpaaral sa ‘kin, sa sobrang galit ay hindi na nagpa-Pasko kasama namin.

Organisado sina Nanay, Tatay at ang iba kong mga kapatid, pero mas gusto nilang tumigil lang ako sa bahay at tumulong doon. Walang problema sa kanila na maorganisa ako, basta hindi ako magpupultaym. Ang tingin nila sa akin, panghabambuhay na katuwang sa aming tahanan at mas sila na lamang ang kikilos kaysa pa ang kanilang mga anak.

Kahit ganun, tinupad ko pa rin ang nakaprograma kong TOD³ sa isang sonang gerilya noong 2012. Nagpaalam ako sa aking mga magulang na saglit na mag-*eexposure* sa kanayunan.

Noong una’y natatakot ako na baka hindi ko kayaning maging Hukbo. Ang tingin ko sa sarili, mahina at sakitin. Nahihimatay pa nga ako kapag naglalakad kami nang malayo.

Sinikap kong umangkop. Sumasama ako sa *exercise* para mapalakas ang katawan. Hindi man ako makasabay sa ibang gawain, ginawa ko naman ang makakakaya ko sa iniatas sa akin. Madalas akong tagatiyak ng pagkain at suplay. Minsan ay napapaiyak ako sa obserbasyon ng mga kasama, matabang ang pagkain, kulang ang niluto, pero nasanay din ako. Natuto rin akong magpahayag ng saloobin at makipagtunggali—hindi ko ‘yun nagagawa dati sa aming pamilya.

Masaya ako sa gawain sa loob ng Hukbo, pero dala-dala ko ang bigat ng pagtutol ng aking pamilya sa aking desisyon. Pinanghihinaan ako ng loob kapag naaalala ko sila. Nakikiusap

si Kuya sa telepono:

“Dapat ako ang nandyan, hindi ikaw. Ako ang lalaki at panganay sa ‘tin... dapat nandito ka kasama ni Nanay. Umuwi ka na, Joan.”

Panay ang paabot ng aking pamilya sa mga kasama. Lumala raw ang sakit ni Nanay sa puso. Baon kami sa utang dahil nagkaroon ng TB si Tatay. Ang isa kong kuya, nag-asawa kahit walang trabaho at buntis ang asawa.

Hirap na sila. Hirap na hirap din ang loob ko. Kinausap ko ang mga kasama at nagpasyang umuwi sa amin.

Nagamit ko ang natutunan ko sa mga kasama sa pag-aalaga kay Nanay. Pinipisil ko ang *acupressure points* para maibsan ang pagkahilo niya. Naghanap na rin ako ng trabaho para makapagbigay kahit pangkonsumo sa amin.

Napapasok ako sa pagawaan ng plastik. Napakataas ng kota namin doon at ang liit ng sahod. ‘Di pa nga kasya sa pamasahe. Nagtrabaho rin akong katulong sa mag-asawang Koreano. Natakot ako sa amo kong lalaki dahil nanghihipo ito.

Ilang buwan akong nagpalipat-lipat ng trabaho. Hindi ako makatagal, laluna’t mulat ako na pinagsasamantalahan ang mga manggagawang tulad ko.

Pinag-isipan kong maigi kung anong gusto kong mangyari sa buhay. Kung magtutuloy ako sa pagtatrabaho, tiyak na mauulit lang ang masasamang karanasan ko.

Muli akong umugnay sa mga kasama. Nagpahayag ako ng kagustuhang magpultaym. Inilagay ako sa erya ng magsasaka, magniniyog at doon nag-organisa.

Tulad ng dati, naging bagahe ko ang pag-iwan sa aking pamilya. Paminsan-minsan na lang ako nakakauwi sa amin at lagi kong inaaalala kung nakakakain sila nang maayos. Minsan nakakatanggap



³ TOD- Tour of Duty

ako ng *text* na wala raw pagkain sa 'min. Para mabawasan ang aking isipin, nag-ayos ang mga kasama ng suporta para sa aking mga magulang.

Nagtuluy-tuloy ako sa gawain sa pag-oorganisa sa kanayunan. Isang anibersaryo, muli akong pumasok sa sonang gerilya. Hindi na ako lumabas at ganap nang sumapi sa NPA.

“Nay, mag-eexpo lang ako. Babalik rin ako.” Yun lang ang sinabi ko sa amin bilang paalam. Hindi ako kumontak sa kanila noong magpasya na akong magpultaym sa Hukbo. Inisip kong magpalipas ng ilang buwan bago magparamdam sa kanila.

Iba na rin ang reaksiyon ng mga magulang ko sa pagbalik ko sa sona. Kung dati’y hinahabol pa nila ako at pinapauwi, ngayo’y tinanggap na nila nang maluwag ang aking desisyon.

Naalala ko ang huling usap namin sa telepono ni Nanay.

“Nagpasya na ako, Nay. Ganito na po ang buhay ko. Buong buhay at panahon na akong kikilos para sa rebolusyon...tsaka may asawa na po pala ako. Katulad ko ring NPA ang napangasawa ko.”

“Sige, ‘nak. Sa ‘min mo iwan ang anak mo, ha? Kami na ang bahala ni Tatay mo.”

Malaking bagay sa pagtanggap nila ang tuluy-tuloy na pagmumulat sa kanila ng mga kasama. Naging mga responsableng tao na sila sa organisasyon at sila na rin ang nag-organisa sa mga tiyahin at tiyuhin ko. Ang isa kong tiyo na nagalit noong nagpultaym ako, ngayo’y opisyal na ng samahan sa baryo.

Baon ang suporta ng pamilya, mas buo ang aking loob na suungin ang landas ng armadong pakikibaka. Naluluha pa rin ako kapag nakakausap sila sa telepono, pero hindi na apektado ang aking pasya na ilaan ang aking buong buhay, lakas at talino sa rebolusyon. Tuluy-tuloy na ang paghuhubog ko sa sarili upang maging malakas, matalas at matatag na Pulang mandirigma. ☒

1992-2001: Ang Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto at ang Pagpapanibagong-Lakas sa Timog Katagalugan

Panandang-bato para sa buong Partido at rebolusyonaryong kilusan ang pagdaraos ng Ika-10 Plenum ng Komite Sentral noong 1992 na nagtibay sa Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto (IDKP). Naging matibay na gabay ito ng Partido at mga rebolusyonaryo sa TK para muling makapagpalakas at bumangon sa mga pinsala at pananalasa ng maling linya ng insureksyonismong lungsod at adelantadong regularisasyon.

Inapirma ng IDKP ang wastong linya ng pagsulong at itinakwil ang maling linya na nagtataguyod na Kanan at ‘Kaliwang’ oportunismo. Matatag na humanay ang buong organisasyon ng Partido sa TK sa likod ng IDKP at puspulang nilabanan ang panggugulo at panghahati ng mga *contras* at sasandakot na natangay at nalinlang ng maling linya ng insureksyonismong lungsod at putsistang linya ng programa para sa *strategic counter-offensive* (SCO) na nangangarap ng isang mabilisang tagumpay.

Subalit hindi naging madali at makinis ang paglulubos ng tagumpay ng IDKP sa rehiyon. Kinakailangan munang gapiin, itakwil at linisin ang katawan ng Partido mula sa mga elementong nabulok at nalulong sa gangsterismo tulad ng pangkating Hector Mabilangan at kalakhan ng bumuo sa Maria Lorena Barros Brigade (MLBB) na natangay ng pangkating Kintanar-Tabara sa gangsterismo at mga kriminal na aktibidad.

Matatag ding nakibaka at ginapi ng Partido sa TK ang insureksyonistang linya ng September Thesis ng pangkating Teban noong 1993 at pagkatapos, ang panghahati at panggugulo sa kilusang magsasaka ng pangkating Frank Pascual at mga kasapakat nito sa TK sa pangunguna ni Ed Mora noong 1995. Kalaunan, ang sandakot na mga *contras* na itinakwil at tinanggal sa Partido ay tuluyan nang nabulok bilang mga taksil sa rebolusyon at nauwi sa maliliit na grupong anti-Partido, anti-Komunista at anti-digmang bayan na naglingkod bilang mga bayaran at ispesyal na ahente ng reaksiyonaryong rehimen sa pagpapakana, pangwawasak, panghahati at pang-uupat sa rebolusyonaryong kilusan.

Dahil sa IDKP at puspulang pagtaguyod sa Marxismo-Leninismo-Maoismo, nagkamit ang ating Partido ng malalaking pagsulong sa lahat ng panig ng gawain. Di lamang ganap na napigil ang tunguhin ng pagkitid at pagdausdos kundi naibangon ang mga gawaing nagrehistro ng pagbagsak at umabante nang dramatikong at walang kapantay sa nakaraan ang mga rebolusyonaryong gawain sa lahat ng antas at saklaw.

Sa larangan ng ideolohiya, matagumpay na nalubos ang IDKP sa rehiyon noong 1997 na isang taong mas maaga kaysa paglulubos sa pambansang antas – isang katangi-tanging

marka ng mataas na proletaryong determinasyon at pagkakabuklod ng buong kasapian ng Partido sa TK sa likod ng IDKP at mga desisyon ng Ika-10 Plenum ng KS. Matagumpay at naging puspusan ang pagtatakwil sa rebisyunismo at oportunidadong inilalako ng mga rebisyunistang taksil at mga anti-Partidong elemento. Tumungo sa matagumpay na pagdaraos ng Ikatlong Panrehiyong Kumprensya ng rehiyon noong Enero, 1997 ang mahigpit na pagkakaisang nakamit at buong-pusong pagtataguyod sa IDKP. Nilagom ng kumperensyang ito ang labinlimang taong karanasan ng rehiyon alinsunod sa diwa't konsepto ng IDKP, tinasa ang apat na taong pagsusulong ng kilusang rektipikasyon sa rehiyon at binalangkas ang isang masaklaw at malaman na panrehiyong panlipunang pagsisiyasat.

Relatibong higit na malalim ang pagkakasapol ng kasapian ng Partido sa mga pundamental na prinsipyo ng Partido at rebolusyong Pilipino. Dahil sa malaganap na pag-aaral sa tatlong antas ng edukasyong pamPartido, relatibong matatas na nakauunawa sa teorya ng Marxismo-Leninismo-Maoismo ang nakararaming kadre at kasapi ng Partido, masigasig silang nag-aaral ng teorya ng MLM at nagsisikap ilapat ito sa kundisyon ng pagrerebolusyon sa kani-kanilang saklaw.

Sa larangan ng pulitika, matagumpay na nailatag ang masinsin at masaklaw na pakikidigmang gerilya na may malawak at malalim na suportang masa mula sa puo-puong libong organisado at ilandaang libong naiimpluensyahan. Naitayo natin ang laking-kumpanyang mga larangang gerilya, mga katamtaman at maliliit na larangang gerilya sa halos lahat ng mga probinsya at sa signipikanteng tipak ng teritoryo ng rehiyon. Ang mga larangang gerilyang ito ay may malakas na sentro-de-grabidad sa gawaing militar at pinaliligiran ng higit na nakararaming mga yunit na naggagawaing masa batay sa wastong 70-30 balanseng latag ng mga horisontal at bertikal na mga pwersang gerilya. Tuloy-tuloy na lumaki ang hukbong bayan resulta ng pagwawaksi natin sa sektaryanismo na sumasagka sa ating pagpupunyaging mapangahas na reklutahin ang pinakamaraming bilang ng mga Pulang mandirigma ng BHB habang walang pinapapasok kahit isa mang masamang elemento at kasabay nito, nagbabantay sa pailalim na agos at pagpaling sa liberalismo.

Higit na sumigla ang mga anti-pyudal na pakikibakang masa at hayag na kilusang magsasaka na anti-pasista, anti-imperyalista at nakakawing sa antipyudal na pakikibaka ng masang magbubukid sa

kanayunan. Gayundin, sumigla ang rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran sa hanay ng mga manggagawa, mala-manggagawa, kabataan, kababaihan, pambansang minorya at iba pang progresibo at demokratikong pwersa. Sumulong at sumigla ang gawaing alyansa at mga kampanyang masa. Mabilis na lumawak ang pag-oorganisa sa hanay ng panggitnang pwersa lalo sa hanay ng mga taong relihiyoso.

Ang mga tagumpay na ito ay resulta ng puspung pagwawaksi ng Partido sa 'Kaliwang' oportunidadong masahol nitong anyo ng insureksyunismo na kakumbina ng adbenturismong militar at adelantadong regularisasyon at ang iba't ibang anyo at hibo ng Kanang oportunidadong sa nakapipinsalang anyo nitong ekonomismo, repormismo, NGOismo, koalisyunismo at kolaborasyunismong nakaangat-sa-uri at nagkakanlong sa enbayronmentalismo na sa isang panahon ay patuloy na umiral bilang pailalim at sekundaryong agos.

Sa larangan ng organisasyon, higit nating binuklod ang kasapian ng Partido sa mahigpit na pagtataguyod at pagsasabuhay ng demokratikong sentralismo, binigwasan ang pinagsisibulan ng burukratismo, at mulat na binaka ang iba't ibang anyo ng liberalismo, indibidwalismo, lokalismo't sektaryanismo kabilang ang nakapipinsala nitong anyo ng makitid na departmentalismo at kabulukan. Patuloy na lumaki ang kasapian ng Partido at nilampasan nito ang pinakamataas na bilang na inabot sa alinmang panahon sa nakaraan.

Malusog na dumadaloy ang pamumuno ng pangrehiyong sentro ng Partido sa iba't-ibang antas at saklaw ng organisasyon. Ang mga namumunong komite sa iba't-ibang antas at saklaw ay masigasig na gumagampan ng kolektibong pamumuno at



mulat na nagiging ehemplo ng simpleng pamumuhay at mahirap na pakikibaka. Matagumpay nating nilabanan at binigo ang pakana ng kaaway na pinsalain ang ating organisasyon mula sa loob at labas – tulad ng pakana nitong magtanim ng ahenteng *deep penetration* at mga mapanupil na kampanyang kontra-rebolusyonaryo tulad ng Lambat Bitag I, II, III, at IV at ang Oplan Makabayan (1998) na ginawang Oplan Balangai (1999). Itinaguyod natin ang pagbabase sa sona ng lahat ng kasama na maiinit at minamanmanan ng kaaway gayundin ng mga organo na dapat at maaaring bumase sa sona para putulin ang banta sa seguridad ng paniktik ng kaaway. Sininop natin ang operasyon ng kilusang lihim sa kalunsuran at mariing pinuna’t binaka ang bulagsak na pagkilos.

Sa gitna ng maigting na pakikipaglaban sa mga oportunistang taksil, napagtagumpayan nating muling isaayos ang buong organisasyon ng Partido sa rehiyon. Di lamang napreserba natin ang buong organisasyon ng Partido laban sa mga atake ng reaksyunaryong rehimen at ng kanilang mga ispesyal na ahenteng kontrarebolusyonaryo na kinatawan ng mga oportunistang taksil, sa proseso’y nagtagumpay na napalakas ang pamumuno ng Partido sa iba’t ibang antas at saklaw ng organisasyon. Malusog at aktibong gumagampan ng responsibilidad sa pamumuno ang mga namumunong panteritoryong komite mula sa antas ng rehiyon, mga probinsya at larangang gerilya hanggang seksyon. Mahusay ding gumana sa kabuuan ang mga itinayong panrehiyong istap.

Ang lahat ng ito ay utang natin sa wastong pamumuno ng ating Komite Sentral at sa pumanaw nating kalihim, si Kasamang Armando Teng, na hanggang sa huling sandali ng kanyang buhay ay iginiya niya ang Partido sa rehiyon sa walang katulad na mga pagsulong at tagumpay. Nagpupugay ang buong organisasyon ng Partido sa Timog Katagalugan sa dakilang pamana ni Kasamang Armando Teng at sa sinagisag nyang katapatan at taus-pusong paglilingkod sa Partido at rebolusyon na hanggang sa kanyang kamatayan ay nanatiling walang pingas at dungis. Nagpupugay din ang ating Partido sa lahat ng rebolusyonaryong martir na nag-ambag ng pinakamataas na sakripisyo para maabot natin ang kasalukuyang antas ng pagsulong at mga tagumpay.

Solido ang mga nakamit nating tagumpay bunga ng IDKP. Ang lahat ng ito ay magiging malaking puhunan para sa ibayo pang pagsulong tungo sa ganap na tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon.

Ang ating rehiyon ay isa sa malaking nakinabang sa matagumpay na pag-aalsang masa na nagpatalsik sa kinamumuhiang rehimen ni Estrada. Kabilang ang ating rehiyon sa nag-ambag ng malalaki at sustenidong protestang mobilisasyon na nanawagan sa pagpapatalsik kay Estrada. Mula Oktubre, 2000 hanggang sa oras ng pagbagsak ni Estrada noong Enero 17, 2001 masiglang lumahok ang mga hayag na organisasyon at pwersang demokratiko sa rehiyon sa iba’t ibang porma ng pagkilos para igiit ang pagpapatalsik kay Estrada at humanay sa unahan ng mga pakikibaka at panawagang ito. Naging mahina at pipitsuging target ng malawak na kilusan at nagkakaisang prenteng anti-Estrada ang butangero ng Malacañang na madaliang lumayas sa kanyang luklukan sa harap ng puo-puong libong mamamayan na nagmamartsa para salikupin ang palasyo ng reaksyunaryong paghahari.

Di tulad noong panahon ng maagang paghahari ng pasistang diktadurang Marcos kung saan nakaamot si Marcos ng panandaliang luwag at pagsagip mula sa ayudang *petro dollars* ng US, si Estrada ay di nakaasa man lamang ng panagip na tulong pinansyal mula sa US at mga bagong pamumuhunan mula sa iba pang kapitalistang bansa. Mabilis syang nabulid sa kumunoy ng krisis pinansyal at pulitikal at mabilis na hinukay ng pagkagahaman sa kapangyarihan at labis na kasakiman ang kanyang pampulitikang libingan.

REKTIPIKASYON

TEORETIKAL NA BULETIN NG KOMITENG REHIYON
NG TIMOG KATAGALUGAN
PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS — MLKMZ

TOMO I

UNANG LABAS

SERYE 1998

IPINAKIKILALA ANG
REKTIPIKASYON

MENSAHE SA IKATLONG KUMPERENSYA
NG PARTIDO SA REHIYONG
TIMOG KATAGALUGAN

KAMTIN ANG DRAMATIKONG PAGSULONG!
TUGUNIN ANG PAMBANSANG PANAWAGANG-
ISULONG SA SANDATAHANG REBOLUSYON SA ISANG
BAGO AT MAS MATAAS NA ANTAS!

[Komunike ng Ikatlong Kumperensya sa
Rehiyong Timog Katagalugan]
Enero, 1997

LAGUMIN ANG ATING KARANASAN
ALINSUNOD SA DIWA AT KONSEPTO NG
IKALAWANG DAKILANG KILUSANG PAGWAWASTO

Ang mga panlabas na salik ay pumapabor para sa malalaking pagsulong ng ating Partido at rebolusyon sa buong bansa at sa rehiyon. Ang sumasahol na krisis pang-ekonomya at pampulitika ng lipunang malakolonyal at malapyudal ay higit na magpapalagablab ng panlipunang diskontento at magtutulak sa papalaking bilang ng mamamayan sa bilang ng milyun-milyon sa mas rebolusyonaryong aksyon at paglaban. Ang pangkalahatang krisis ng monopolyo kapitalismo at malalang krisis pinansyal na tumama sa malalaki at nangungunang mga kapitalistang bansang industriyal ay magpapabilis pa lalo sa krisis ng lipunang Pilipino. Nagbabantang sumabog ang pang-ekonomyang bula ng US sa darating na mga taon bunga ng matinding krisis pinansyal, depisitong paggasta, labis na pagpapalobo ng halaga ng *stocks* at imbentaryo, paglikha ng ilusyon ng artipisyal na paglago na di nakabatay sa paglago ng produksyon at pamumuhunan, at di makontrol na daloy ng ispekulatibong kapital sa mga pinansyal na transaksyon. Kapag nangyari, isasadlak nito ang buong kapitalistang mundo sa isang walang katulad na resesyon at depresyon sapul noong dekadang 1930. Ang panibagong krisis pinansyal sa Asya ay nagbadya na namang sumabog na higit ang tindi ng hagupit sa naganap noong 1997 at 1998.

Madilim ang hinaharap ng mga reaksyunaryong papet sa Pilipinas at maaliwalas ang landas na hinaharap ng mga rebolusyonaryo at Komunistang Pilipino sa darating na ilang dekada ng kasalukuyang milenyo.

Sa kabilang banda, para patuloy na makasulong at magkamit ng malalaking igpaw sa ating rebolusyonaryong pakikibaka, mahalagang puspasang itaguyod ang mga prinsipyo at paraan ng IDKP at huwag ibaba ang pagmamatyag sa posibleng muling pagsibol at muling paglakas ng mga kundisyon na nag-anak ng mga pagkakamali at paglihis sa ideolohiya, pulitika at organisasyon. Patuloy na mag-aral ng mga kalagayan, lumahok sa mga praktikal na gawain, maglagom at magsagawa ng pagpuna at pagpuna-sa-sarili. Higit sa lahat, taimtim na isabalikat ang mga responsibilidad ng aktibo at agresibong pamumuno batay sa tumpak na proletaryong diwa at istilo-ng-paggawa.

Ikalima sa serye ng mga artikulo sa pagbabalik-tanaw sa kasaysayan ng rebolusyonaryong pakikibaka sa rehiyon para sa nalalapit na ika-50 anibersaryo ng Partido. ☐

Cavite: Mukha ng tagibang na kaunlaran para sa iilan

Matatagpuan sa tarangkahan ng Maynila ang Cavite, isang makasaysayang probinsya na hitik sa likas-yaman at nag-uumapaw sa talino at lakas ng masang anakpawis. Taglay ng probinsya ang sapat na kita upang kilanlin bilang isang *first-class province*. Higit 80% ng mga bayan rito ang itinuturing na urbanisado.

Ibinabandera ng mga burukrata kapitalista ang “kaunlaran” ng Cavite, subalit lubhang malayo sa kariwasaang ito ang pang-araw-araw na dinaranas ng mga maralita, manggagawa, at magsasaka sa lalawigan. Tagibang na pag-unlad ang idinulot ng modernisasyon na ipinataw ng proyektong CALABARZON ng naghaharing-uri at reaksyunaryong gubyrerno sa mamamayang Caviteño.

Tinaguriang “industriyal” ang Cavite dahil sa 56 *economic zones* at industriyal na engklabong itinayo rito. Kalahati sa mga ito ay nag-ooperasyon na, at may ilan pang nasa proseso ng pagbubuo o pagpapalawak. Mataas na kalidad ng lakas-paggawa sa murang halaga ang ipinang-aakit ng mga lokal na burukrata sa mga kumpanyang nais nilang maglagak ng puhunan rito.

Ang yamang nililikha sa mga empresang ito ay hindi nagsisilbi sa pagpapaunlad ng Cavite o ng buong bansa. Nakatuon ang 82% ng mga empresa rito sa *export* ng manupakturang may mababang dagdagna-halaga at bahagyang prinoseso. Pinakamarami ang tipo ng pabrika na para sa Radio, Television, and Communication Equipment and Apparatus (21%) at Fabricated Metal Products (14%).

Bagamat hindi iniuulat ng Philippine Economic Zone Authority (PEZA), mahihinuha sa datos ang pangingibabaw ng dayuhang pag-aari sa mga pagawaan sa Cavite. Aabot sa 19% lamang ng mga empresa ang nakarehistrong buo-buong pagmamayari ng Pilipino. Sa natirang 81%, kahati na ng mga Pilipino ang mga dayuhan, at halos kalahati (46%) ng mga sosyohan ay sa mga kumpanyang Hapones. Kung gayon, ang mga *economic zones* sa Cavite ay pawang pagawaan lamang ng piyesa para sa yaring produkto ng mga dayuhang kumpanya.

Ang tinatawag ng mga burukrata na ‘industriya’ sa Cavite ay lunan ng matinding pagsasamantala sa masanganakpawis. Kinakaharap ng mga manggagawa sa probinsya ang mababang sahod, kawalang proteksyon sa pook-trabaho, kontraktwalisasyon at kawalan ng kalayaan sa pag-uunyon. Naglalaro lamang sa P311.50 hanggang P378.50 ang minimum

na sahod sa Cavite, depende kung *first, second, third, o fourth class* ang munisipyo. Wala ring kasiguruhan sa trabaho ang 60-90% ng manggagawa sa Cavite na pawang kontraktwal.

Matinong hanapbuhay ang hanap ng mga maralita sa malalaking empresa sa Cavite, subalit impiyerno ang daratnan nila sa loob nito. May sariling batas ang mga *special economic zones* sa ilalim ng PEZA kaya nagagawa ng mga kumpanya sa loob nito ang anumang naisin nila, kasama na ang pagpapataw ng di-makataong kalagayan sa paggawa. Talamak din ang pagbuwag sa mga unyon, pandarahas sa mga welga at panggigipit sa mga lider-manggagawa.

Mismong reaksyunaryong gubyrno ang nagkaloob sa mga *economic zones* ng ganitong klase ng pribilehiyo. Hindi rin kayang saklawin ng batas ng lokal na pamahalaan ang mga *economic zones*, kaya mistulang lansakang ibinenta sa mga dayuhan ang manggagawang Caviteño.

Tampok na kaso ng pang-aapi ang naganap na sunog sa HTI sa bayan ng Rosario noong 2017, kung saan tinatayang libu-libong manggagawa ang namatay. Tumagal nang isang araw ang sunog dahil kahit ang mga bumbero ng lokal na pamahalaan ay hindi pinapapasok sa pangangatwirang may sariling pamatay-sunog ang PEZA. Hanggang ngayon ay hindi pa rin inaamin ng kumpanya ang naging kasalanan nito, habang tuluy-tuloy ang pagtatakip ng lokal na gubyrno sa naganap na trahedyang at dami ng mga naging biktima.

Itinayo ang mga mala-impierong *economic zone* sa mga lupang dating pinakikinabangan ng mga magsasakang Caviteño. Bago pa dumating ang mga Kastila sa bansa ay tinatamnan na ng palay, mais, niyog at iba pa ang kalakhan ng lupain sa probinsya. Halos kalahati (46%) ng lupain sa Cavite ay itinuturing na agrikultural, ngunit marami rito ay nanganganib na dumaan sa kumbersyon para sa mga proyektong komersyal, industriyal, at eko-turismo.

Marahas na pinapalayas ng mga PML at MBK ang mga magsasaka mula sa mga sakahan upang gawing subdibisyon, *mall o industrial parks*. Pangunahing instrumento sa pang-aagaw ng lupa ang huwad na batas sa repormang agraryo o CARP at ang reaksyunaryong Department of Agrarian Reform.

Kung noong panahon ng Espanyol ay mga prayleng PML ang kalaban ng mga magsasaka, ngayon ay mga kumpanyang debeloper at mga lokal na PML ang kanilang katunggali. Halimbawa nito ang kaso ng Brgy. Patungan sa Maragondon. Laway na laway ang malalaking negosyante tulad ni Henry Sy na tayuan ng negosyo sa eko-turismo ang malawak na lupain rito. Sa pakikipagsabwatan ng pamilyang Aguinaldo at Velasco sa mga kapitalista, tuloy-tuloy na kinamkam ang lupain ng mga residente at binura ang Brgy.

Patungan. Pinalayas at marahas na dinemolis ang barangay kabilang na ang simbahan sa ngalan ng negosyo.

Apektado rin ng kumbersyon ng lupa at *zoning* ang mga mangingisda, laluna ang mga nakatira at naghahanap-buhay sa Bacoor at Canacao Bay na parehong tatamaan ng mga proyektong reklamasyon.

Panay ang pang-eenganyo ng mga burukrata sa mga kapitalista, pero iba ang tono nila pagdating sa maralita.

Ang mga komunidad ng maralita, na sa totoo'y *relocation site* ng mga biktima ng *decongestion* ng Maynila noong Martial Law ay laging binubulabog ng bantang pagpapalayas ng lokal na gubyrno at National Housing Authority. Sisirain ang mga komunidad para sa mga proyekto tulad ng LRT1 Extension at Cavite-Laguna Expressway na layong gawing mas madulas ang pagdaloy ng kapital sa probinsya at sa buong TK.

Marami sa mga komunidad ng *relocatees* ang nasa Bacoor, Dasmariñas, General Trias at iba pang malalaking bayan. Karamihan sa mga residente rito ay mga manggagawa at mala-manggagawang may malaking ambag sa lokal na ekonomya.

Hindi nagpadaig ang mga Caviteño at nilabanan ang mga pakana at proyektong sagka sa kanilang interes. Dahas ang sagot ng lokal na naghaharing-uri at pribadong interes sa matapang na pakikibaka ng mamamayan sa probinsya.

Sa Brgy. Patungan, pinag-aaresto at sinampahan ng mga inimbentong kaso ang mga nanindigan kontra sa proyektong eko-turismo.

Noon namang Hunyo 12, Araw ng Kalayaan, pinag-aaresto ang mga kabataang lumahok sa protesta sa Kawit, Cavite. Malakas nilang isinigaw ang kanilang panawagan para sa isang malaya at soberanyang bansa.

Samantala, nitong Agosto, binulabog at tinakot ng pulisya ang kampuhan at bungkalan ng mga magsasaka sa Lupang Ramos sa Dasmariñas. Nakipagsabwatan ang PML at lokal na pamahalaan sa mga pulis para higit pang gipitin ang mga magsasaka at tagasuporta ng bungkalan.

Sa harap ng pang-aapi, pang-aabuso at pagkakait ng karapatan sa trabaho at panirikan, patuloy ang paglaban ng mamamayang Caviteño. Hanggang ngayo'y nakatindig ang mga bungkalan. Patuloy rin ang paglaki ng mga hayag na organisasyon ng mga manggagawa, maralita at kabataan. Batid ng mga Caviteño na ang tunay na pag-unlad ay wala sa kamay ng naghaharing-uri, kundi nasa mamamayang walang pagod na lumalaban. ☒

KILOS PROTESTA



Kilos-protesta ng mga magniniyog sa SQBP, tagumpay!

Higit 1,800 magniniyog mula sa walong bayan ng South Quezon Bondoc Peninsula ang lumahok sa isang kilos-protesta hinggil sa pagkakait ng *coco levy fund* sa mga magsasaka noong Oktubre 19.

Nagsimula ang martsa ng alas-10 ng umaga sa bayan ng Catanauan. Bandang hapon ay nagtipon ang mga magsasaka sa tapat ng munisipyo at nagdaos ng programa sa tapat nito, kung saan iginiit nila ang agarang pamamahagi sa mga magniniyog ng *coco levy fund* na kinamkam ng reaksyunaryong gubyerno.

Sinundan ang protesta ng isang dayalog sa opisina ng gobernador ng Quezon noong Oktubre 25 na nilahukan naman ng halos 100 magsasaka.

Sa dayalog, inilahad ng mga magniniyog ang isang petisyong naglalaman ng kanilang mga kongkretong kahilingan kabilang ang pagpapataas ng presyo ng kopra, pagpapataas ng sahod ng manggagawang bukid at pagbibigay ayuda sa mga niyugan na nasira ng kalamidad.

Habang nagaganap ang dayalog sa *governor's office* ay umikot ang isang tim sa bayan ng Lucena para magpaliwanag sa masa at mamigay ng mga polyeto. Nanawagan rin ang mga lumahok sa pagkilos ng hustisya para sa mga magsasakang biktima ng masaker sa Sagay City. ☒

BALITANG TO



AMC-NPA Quezon, muling binira ang 92nd IBPA

Muling binigwasan ng Apolonio Mendoza Command-NPA Quezon ang tropa ng 92nd IBPA sa isang matagumpay na operasyong isnayp noong Nobyembre 4.

Patay ang isang elemento ng 92nd IBPA sa ginawang isnayp ng Pulang hukbo sa Sitio Dadiangao, Umiray, Gen. Nakar, Quezon. Isinagawa ang operasyong isnayp ilang araw matapos ang matagumpay na kontra-atakeng ambus ng AMC noong Oktubre 27. Nagtamo ang 92nd IBPA ng limang kaswalti sa nasabing ambus.

Isa ang 92nd IBPA sa mga bagong batalyon na binuo ng rehimeng US-Duterte ngayong taon para sa pagpapatindi ng kontra-mamamayang Oplan Kapayapaan. ☒

Talahulugan ng mga kaso ng paglabag sa mga pampulitikang karapatan at ang internasyunal na makataong batas

Paglabag sa karapatan sa pamamahayag, pagsapi sa anumang organisasyon o pagtitipon

Anumang wala-sa-katwirang aksyon na pagbabawal, paglilimita, pagpapatigil o pagkakait ng pag-iehersisyo sa karapatang mamahayag, magsalita, sumapi sa anumang organisasyon o magtipon.

Nota: Kabilang dito ang mga marahas na *dispersal* at pagbubuwag sa mga mapayapang aksyong masa, pampublikong pagtitipon kahit mayroon o walang permit ng gubyernong umiiral.

Pagtatayo, pagpapanatili, pagsuporta at pagpapahintulot ng mga grupong paramilitar

Anumang aksyon ng pagtatayo, pagpapanatili, pagsuporta at pagpapahintulot ng mga grupong paramilitar o *vigilante* at paggamit o pagbubuo ng anumang grupong sibliyan o pormasyon para sa mga operasyong paramilitar.

Halimbawa ng grupong paramilitar ang Alsa Masa noong rehimeng US-Corazon Aquino at grupong Magahat Bagani sa Mindanao. ☒

IPAGDIWANG ANG IKA-50 TAON NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS!

